



### **Magparehistro para sa personal na programa sa fall sa Brampton Recreation Centres simula sa Setyembre 1**

BRAMPTON, ON (Agosto 18, 2021) – Ligtas na muling inilunsad ng Lungsod ng Brampton ang nakarehistrong mga programa sa taglagas para sa unang pagkakataon mula ng pagsisimula ng COVID-19, na ang rehistrasyon ay magbubukas sa Setyembre 1 para sa mga programa umpisa sa Setyembre 20.

Pwedeng makita online ang mga programa sa [www.brampton.ca/recreation](http://www.brampton.ca/recreation) simula sa Agosto 28. Kabilang sa mga available na programa ang paglangoy at mga leksyon sa skating, gymnastics, matuto sa paglaro sa sports programs, at marami pa! Sa taon na ito, ang Brampton Recreation ay tatakbo ng mas maikli ng dalawang sesyon para sa rehistradong mga programa sa taglagas, isa mula sa Setyembre 20 hanggang Nobyembre 7, at ang isa pa mula sa Nobyembre 8 hanggang Disyembre 19.

#### **Rehistrasyon**

Para magparehistro simula Setyembre 1, tawagan ang 311 o [bisitahin ang Brampton Recreation online](#).

Maaaring magparehistro ang mga tao gamit ang umiiral o bagong registration account sa Recreation ng Lungsod ng Brampton. Ang mga how-to tutorials ay available para gabayan ang mga user kung paano [i-set up ang bagong account](#), [magparehistro para sa kurso](#), [bumili ng membership](#), at [marami pa](#). Kung may mga tanong ka, paki-email ang aming team sa [recreation@brampton.ca](mailto:recreation@brampton.ca) para sa suporta. Sa ibang banda, hinihikayat ang mga residente na tumawag sa 311 (o 905.874.2000 kung nakatira sa labas ng Brampton) para sa suporta sa rehistrasyon.

Ang mga sesyon ng pagsasanay para sa personal na system ng rehistrasyon ay available sa buong lungsod hanggang Agosto 27. Iniimbitahan ang mga residente at hinihikayat na mag-sign up para sa one-to-one na appointment kasama ang isang system specialist para matuto kung paano gamitin ang registration system, magtanong, at tumanggap ng mga nakakatulong na tip para sanggunian sa hinaharap. Pwedeng magpa-reserve [dito](#).

#### **Mga pamamaraang pangkalusugan at pangkaligtasan sa COVID-19**

Ang kabutihan ng mga patron, staff at ng komunidad ay patuoy na pinakamataas na prayoridad ng Lungsod ng Brampton. Committed tayo sa pagbibigay sa mga panauhin at staff ng malinis at ligtas na kapaligiran

Ipatatupad ng Brampton Recreation ang binawasang kapasidad, mandatoryong mga face mask, pamproteksyong mga harang sa mga lugar ng resepsyon, at reconfiguration ng muwebles/kasangkapan para matiyak na ang lahat ng pasilidad ay sumusunod sa mga patnubay sa kalusugan at kaligtasan mula sa Pamahalaan ng Ontario at Peel Public Health. Kabilang din dito ang madalas na paglilinis sa punto ng kontak, mga sanitizer station sa buong mga Recreation Centre, staff na dedikado sa pagsusuri sa kalinisan, at partikular na pagsasanay sa COVID-19 para sa lahat ng kawani.

-30-

**KONTAK NG MEDIA**

Prabhjot Kainth

Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad

Strategic na Komunikasyon

Lungsod ng Brampton

905-874-3426 | [Prabhjot.Kainth@brampton.ca](mailto:Prabhjot.Kainth@brampton.ca)